**Mga Katuruan ng Biblia**



*Isang pansariling pag-aaral tungkol sa Credo ng mga Apostol*

# Ang Pananampalataya ng mga Cristiano

# Ang Pananampalataya ng mga Cristiano

Isang pansariling pag-aaral tungkol
sa Credo ng mga Apostol

Multi-Language Productions
Bringing the Word to the World

Original text produced by the Institutional Ministries Committee of the Commission on Special Ministries of the Wisconsin Evangelical Lutheran Synod.

Copyright © 2021

Text adapted by Multi-Language Productions of the Wisconsin Evangelical Lutheran Synod.

All cover and black and white illustrations are the work of Glenn Myers. Rights to Glenn Myers' illustrations reserved by Northwestern Publishing House.

All Scripture in this booklet is quoted from Magandang Balita Biblia, Tagalog Popular Version. Copyright © 2008 by Philippine Bible Society.

Level 1, Book 5

# Talaan ng Nilalaman


Panimula ........................................................1

Unang Kabanata:
Ano ang Credo? ........................................3

Ikalawang Kabanata:
Ano ang Banal na Trinidad? ....................15

Ikatlong Kabanata:
Ang Diyos Ama ........................................31

Ikaapat na Kabanata:
Ang Anak ng Diyos..................................50

Ikalimang Kabanata:
Ang Espiritu Santo ..................................79

Mga Sagot sa mga Pagsusulit
sa mga Kabanata.......................................107

Pangwakas na Pagsusulit..........................108

## Ang Credo ng mga Apostol

Sumasampalataya ako sa Diyos Amang Makapangyarihan sa lahat, na lumikha ng langit at lupa.

At kay Jesu-Cristo, Kanyang Bugtong na Anak, na ating Panginoon; na ipinaglihi sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ipinanganak ng Birheng Maria; nagdusa sa ilalim ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay at inilibing; Siya ay bumaba sa impiyerno; nang ikatlong araw Siya ay nagbangon mula sa mga patay; umakyat sa langit at nakaluklok sa kanan ng Diyos Amang Makapangyarihan sa lahat; buhat doon ay paririto upang hukuman ang mga buhay at ang mga patay.

Sumasampalataya ako sa Espiritu Santo; sa Banal na Iglesiang Cristiano; na kapulungan ng mga banal; sa kapatawaran ng kasalanan; sa pagbangon ng katawan; at sa buhay na walang hanggan. Amen.

# Panimula

Ang aklat na ito ay magtuturo sa iyo ng maraming kamangha-manghang katotohanan tungkol sa Diyos. Ang bawat isang kabanata sa aklat na ito ay nagsisimula sa isang tala ng mga layunin na may marka ng isang maliit na bituin (*). Ang mga layuning ito ay nagsasabi kung ano ang iyong matututunan sa kabanatang iyon. May isang maikling pagsusulit pagkatapos ng bawat kabanata.

Pagkatapos ng bawat pangkat ng mga tanong, bibigyan ka ng isang bilang ng pahina na maaari mong puntahan upang tingnan kung tama ang iyong mga sagot. Buksan mo ang pahinang ito at makikita mo ang mga sagot dito. Suriin mong mabuti ang iyong mga sagot at ituwid ang anumang mali. Tiyakin mong naunawaan mo ang lahat ng mga sagot bago ka magpatuloy sa iyong pagbabasa.

Sa pagtatapos ng aklat na ito ay mayroong isang pangwakas na pagsusulit. Bago mo tapusin ang pagsusulit na ito, balik-aralan mo ang mga pagsusulit sa bawat kabanata.

Nawa'y tulungan ka ng Diyos upang marami kang matutunan tungkol kay Jesus at sa kanyang ginawa upang sa gayon ay mabuhay ka kasama niya magpakailanman.



*Nagalak si Zaqueo na nais magpunta ni Jesus sa kanyang bahay.*

*Unang Kabanata*

# ANO ANG CREDO?

Sa isang paglilitis ay hindi maaaring mawala ang mga testigo o saksi. Sinasabi nila sa korte kung ano ang kanilang nalalaman tungkol sa isang pangyayaring paksa ng paglilitis. Pinanunumpaan nila ang kanilang salaysay at nangangakong magsasabi ng katotohanan.

Ang mga Cristiano ay mga saksi rin. Ibinabahagi nila kung ano ang kanilang nalalaman tungkol sa Diyos. Madalas sa kanilang pagbabahagi ay ginagamit nila ang sarili nilang mga pananalita. Ngunit maaari ring

magpatotoo ang mga Cristiano sa pamamagitan ng Credo ng mga Apostol.

Sa aklat na ito ay matututunan mo ang tungkol sa Credo ng mga Apostol at kung ano ang ibig sabihin nito. Malalaman mo kung bakit ito mahalaga. Sa kabanatang ito ay ipakikilala namin sa iyo ang credong ito. Sa pagtatapos ng kabanatang ito:

* malalaman mo kung ano ang credo;
* makikilala mo kung sino ang mga Apostol; at
* mauunawaan mo kung bakit mahalaga ang Credo ng mga Apostol sa mga Cristiano.

Ang salitang credo ay hindi karaniwang salita. Hindi ito madalas na ginagamit. Ito ay salitang Latin na ang ibig sabihin ay, "Sumasampalataya ako."

Ang credo ay nagpapahayag ng iyong paniniwala. Ngunit higit pa ito riyan. Sapagkat

mayroong impluwensiya ang iyong paniniwala sa iyong pamumuhay.

1. Ang credo ay salitang Latin na ang ibig sabihin ay __________ __________.
2. Ang credo ay ang iyong __________.
3. Ang credo ay paniniwalang mayroong __________ sa iyong pamumuhay.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 12)

Ang credo ay hindi lamang tumutukoy sa mga paniniwalang nasa puso mo. Tumutukoy din ito sa isang nakasulat na pahayag tungkol sa iyong pinaniniwalaan. Maraming nakasulat at hindi nakasulat na credo o pagpapahayag ng pananampalataya ang mga Cristiano. Ang pinakakilala sa mga ito ay ang Credo ng mga Apostol.

4. Ang credo ay tumutukoy din sa isang nakasulat na ______________ tungkol sa iyong mga paniniwala.

5. Ang paniniwala ng isang Cristiano tungkol sa Diyos ay matatawag natin na kanyang __________.
6. Ang pinakakilalang credo ng mga Cristiano ay ang __________ __________.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 12)

Ngayong alam na natin kung ano ang ibig sabihin ng salitang “credo”, alamin naman natin kung sino ang mga apostol?

Noong panahon ni Jesus dito sa lupa, ang salitang “apostol” ay tumutukoy sa isang taong isinugo.

Hinirang ni Jesus ang labindalawa sa kanyang mga tagasunod upang maging mga apostol niya. Tinatawag din natin silang ang Labindalawang Alagad. Ang salitang "alagad" ay nangangahulugang isang tagasunod. May mga pagkakataong isinusugo sila ni Jesus sa mga lugar kung saan magtutungo si Jesus. Bago pa dumating si Jesus, sasabihin na nila

sa mga tao ang tungkol kay Jesus upang maging handa sila sa kanyang pagdating.

Nang bumalik na si Jesus sa langit, nais niyang ang mga alagad ay magpatuloy bilang mga apostol. Ang tagubilin niya sa kanila ay dalhin ang kanyang mensahe sa buong mundo. Ipinangako niyang siya ay laging kasama nila. Titiyakin niyang mananatiling tama ang mensahe na kanilang ipangangaral. Isinulat din nila ang mga bagay na kanilang ipinangaral tungkol kay Jesus sa isang bahagi ng Biblia na tinatawag nating ang Bagong Tipan.

7. Ang apostol ay isang taong __________.
8. Ang isang apostol ay naghahatid ng _____________ mula sa taong nagsugo sa kanya.
9. Mayroong __________ apostol si Jesus.
10. Upang manatiling tama ang mensaheng kanilang ipahahayag, ipinangako ni Jesus na __________ ay lagi nilang kasama.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 12)

Hindi ang Labindalawang Apostol ang sumulat ng Credo ng mga Apostol. Isinulat ito sa panahong ang labindalawang apostol ay namayapa na. Ngunit tinawag itong Credo ng mga Apostol sapagkat ito ay nagpapahayag ng mga bagay na itinuro nila ayon sa Biblia. Naniniwala tayo sa ipinangaral at isinulat ng mga apostol. Tuwing binibigkas natin ang Credo ng mga Apostol, ipinahahayag natin kung ano ang ating pinananampalatayanan.

Napakahalaga ng credong ito sa mga Cristiano. Mayroong dalawang pangunahing dahilan kung bakit. Una, nakatutulong na alam natin ang maikling pagpapahayag na ito ng ating pananampalataya. Hindi man natin kayang banggitin ang nilalaman ng buong Biblia o isaayos ang mga pangunahing katuruan nito, masasagot natin ang sinumang magtatanong sa atin tungkol sa ating pananampalataya kung alam natin ang credong ito.

Ikalawa, sa ating mga pagsamba ay sabay-sabay at sama-sama nating ipinahahayag ang Credo ng mga Apostol. Ito ay isang paraan ng pagpapakita natin ng ating pagkakaisa bilang magkakapatid kay Cristo, bilang isang sambahayang pinagbuklod ng Diyos sa pananampalatayang ipinangaral at itinuro ng mga apostol ayon sa Biblia.

11. Ang Credo ng mga Apostol ay hindi isinulat ng ________________.
12. Ang Credo ng mga Apostol ay isang pagpapahayag ng pananampalatayang ipinangaral at itinuro nila ayon sa ___________.
13. Dahil maikli lang ang Credo ng mga Apostol, hindi mahirap na ito ay ating ___________.
14. Ang credong ito ay magandang sagot sa tanong na "Ano ang ___________ tungkol sa Diyos?"
15. Madalas nating ipinahahayag ang Credo ng mga Apostol sa ating mga ___________.

16. Ipinakikita ng sama-sama nating pagpapahayag na ito na tayo ay pinagbubuklod ng ating __________.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 12)

## *Pagbabalik-aral sa Unang Kabanata*

Ang credo ay salitang Latin na ang ibig sabihin ay "Sumasampalataya ako." Ang credo ay nagsasaad kung ano ang pinaniniwalaan mo. Ngunit higit pa ito riyan. Ang iyong credo ay yaong mga paniniwalang may impluwensiya sa pamumuhay mo.

Ang credo ay isa ring nakasulat na pagpapahayag ng mga paniniwala. Mayroong ganitong nakasulat na mga pagpapahayag ng pananampalataya ang mga Cristiano. Isa sa mga ito ang Credo ng mga Apostol.

Ang mga apostol ay ang labindalawang lalaking hinirang ni Jesus. Ang kanilang gawain ay ipahayag ang mensahe ni Jesus sa buong mundo. Nangako si Jesus na sila ay lagi niyang sasamahan upang tiyaking mapananatili nilang tama ang mensaheng ito. Isinulat din nila ang mga bagay na kanilang ipinangaral tungkol kay Jesus sa isang bahagi

ng Biblia na tinatawag nating ang Bagong Tipan.

Hindi ang Labindalawang Apostol ang sumulat ng Credo ng mga Apostol. Ngunit tinawag itong Credo ng mga Apostol sapagkat ito ay nagpapahayag ng mga bagay na itinuro nila ayon sa Biblia. Mayroong dalawang pangunahing dahilan kung bakit napakahalaga ng Credo ng mga Apostol. Una, maganda itong sagot sa mga taong nagtatanong sa atin kung ano ang ating pinananampalatayanan tungkol sa Diyos. Pangalawa, sa ating pagpapahayag ng credong ito sa ating mga pagsamba, naipakikita natin ang ating pagkakaisa bilang magkakapatid kay Cristo.

**Mga sagot sa mga tanong sa Unang Kabanata:**
1. Sumasampalataya ako; 2. pinananaligan/pinananampalatayanan; 3. impluwensiya; 4. pahayag; 5. credo; 6. Credo ng mga Aposto; 7. isinugo; 8. mensahe; 9. labindalawang; 10. siya; 11. labindalawang apostol; 12. Biblia; 13. isaulo; 14. pinananaligan/pinaniniwalaan; 15. pagsamba; 16. pananalig.

## *Pagsusulit sa Unang Kabanata*

1. Ang credo ay maaaring tumukoy sa mga ___________ na may impluwensiya sa iyong pamumuhay.

2. Ang credo ay maaari ring tumukoy sa ___________ na pagpapahayag ng iyong mga paniniwala.

3. Ang Credo ng mga Apostol ay pagpapahayag ng ating pananampalataya tungkol sa ___________.

4. Mayroong ___________ Apostol.

5. Sila ay hinirang ni ___________.

6. Ang kanilang gawain ay ipahayag ang mensahe ni Jesus sa ___________.

7. Si ___________ ang tumulong sa kanila upang mapanatiling tama ang kanilang mga ipinahayag.

8. Sila ang sumulat sa bahagi ng Biblia na tinatawag nating __________ __________.

9. Ang Credo ng mga Apostol ay isang nakasulat na pagpapahayag ng pananampalataya na itinuro ng mga Apostol ayon sa __________.

10. Ito ay maikli at madaling __________.

11. Nagbibigay ito ng magandang sagot sa tanong na, "Ano ang __________ tungkol sa Diyos?"

12. Madalas binibigkas ng mga Cristiano ang Credo ng mga Apostol sa __________.

13. Nagpapakita ito ng ating pagkakaisa sa pananampalataya bilang __________ kay Cristo.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 107)

*Ikalawang Kabanata*

# ANO ANG BANAL NA TRINIDAD?

Kung nais kang makilala ng isang tao, ano ang kanyang gagawin? Maaari siyang magtanong sa iba ng tungkol sa iyo, ngunit kung anuman ang sasabihin ng iba tungkol sa iyo, iyon ay kanila lamang opinyon. Maaari rin niyang tingnan ang ilang mga kasulatan tungkol sa iyo gaya ng iyong birth certificate, o ang iyong mga school records, o police record, kung mayroon man. Ngunit ang lahat ng mga ito ay hindi sapat upang ikaw ay tunay na makilala ng sinuman.

Ang pinakamainam na magagawa ng isang taong nais kang makilala ay kausapin ka. Higit mong kilala ang sarili mo kaysa pagkakilala sa iyo ng ibang tao. Maaari kang sumulat sa taong ito at sabihin sa kanya kung sino ka at kung ano ang iyong pagkatao. Isa itong paraan upang higit kang makikilala ng taong ito.

Tanging ang Diyos din lamang ang makapagsasabi sa atin kung sino siya at kung ano siya. Ipinakikilala niya sa atin ang kanyang sarili sa pamamagitan ng kanyang Salita, ang Biblia. Sa kabanatang ito:

* mauunawaan mo ang ibig sabihin ng salitang Trinidad; at
* mauunawaan mo ang mga gawain ng bawat isang persona ng Diyos.

Maraming tao ang nag-iisip kung ano ang Diyos. Ang iba ay naniniwalang maraming diyos. May diyos ng karagatan, diyos ng kulog, diyos ng pag-ibig, at iba pa. Hanggang sa ating panahon ngayon, marami pa ring alipin ng ganitong huwad na paniniwala at pagsamba.

Ngunit sinasabi sa atin ng Biblia na hindi tayo dapat sumamba sa maraming diyos. Sinasabi sa atin ng Biblia na mayroon lamang iisang Diyos. "Si Yahweh lamang ang Diyos" (Deuteronomio 6:4). "Walang ibang Diyos maliban sa akin, walang nauna at wala ring papalit. Ako ay si Yahweh, wala nang iba pa; walang ibang Tagapagligtas, maliban sa akin" (Isaias 43:10-11).

Ang paniniwalang ito ang nagtatangi sa bayang pinili ng Diyos noong panahon ng Lumang Tipan. Lahat ng ibang mga lahi noong panahong iyon ay naniniwala at sumasamba sa maraming diyos. Tanging ang bayang pinili ng Diyos ang naniniwala na mayroon lamang iisang tunay na Diyos na kanilang dapat sambahin. Ganito ang kanilang paniniwala sapagkat ito ang ipinahayag sa kanila ng Diyos sa kanyang Salita.

1. Maraming tao ang naniniwalang __________ diyos.
2. Ngunit sinasabi ng __________ na mayroon lamang iisang Diyos.

3. Ang paniniwalang ito ang nagtatangi sa __________ ng Diyos.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 27)

Marami ring pagkakataon na nalilito ang mga tao sa sinasabi ng Biblia tungkol sa Diyos. Maliwanag ang sinasabi ng Biblia na mayroon lamang iisang tunay na Diyos. Ang kalituhan ng mga tao ay nauukol sa mga bahagi ng Biblia na nagtuturo tungkol sa Diyos Ama, Anak, at Espiritu Santo.

Itinuturo ng Biblia ang tungkol sa Diyos Ama na lumikha ng lahat ng bagay. Ayon kay Pablo, "Siya ang gumawa ng sanlibutan at lahat ng naririto, siya ang Panginoon ng langit at ng lupa... Mula sa isang tao'y nilikha niya ang lahat ng lahi sa buong mundo... Tayo nga'y mga anak niya." (Gawa 17:24-28).

Itinuturo rin ng Biblia ang tungkol sa Anak ng Diyos. Siya'y naparito sa sanlibutan at nagkatawang-tao upang iligtas tayo. Ang pangalang ibinigay sa kanya ay Jesu-Cristo. Paulit-ulit nating nababasa ang pagtawag ni Jesus sa Diyos bilang kanyang Ama. Ngunit

ipinahahayag din ng Biblia na si Jesus ay Diyos. Halimbawa, nang siya ay muling mabuhay, hindi niya sinansala si Tomas nang tawagin siya nitong, "Panginoon ko at Diyos ko!" (Juan 20:28).

Itinuturo rin ng Biblia ang tungkol sa Espiritu Santo. Ang unang kabanata ng Biblia ay naglalahad kung paanong nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay. Ayon dito, "...kumikilos ang Espiritu ng Diyos sa ibabaw ng tubig" (Genesis 1:2). Ito ay bago pa nilikha ng Diyos ang anumang bagay, kaya ang Espiritu ng Diyos ay ang Diyos mismo. Maraming ulit siyang binanggit sa Biblia. Sa lahat ng mga ito siya ay inihahayag bilang Diyos.

4. Itinuturo ng Biblia na mayroon lamang iisang tunay na Diyos, ngunit may mga pagkakataong tila itinuturo nitong mayroong __________.
5. Itinuturo ng Biblia ang tungkol sa Diyos ___________ na lumikha ng lahat ng bagay.
6. Itinuturo ng Biblia ang tungkol kay Jesu-Cristo bilang ang ___________.

7. Itinuturo ng Biblia ang tungkol sa ________.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 27)

Paano natin ngayon ito uunawain? Paanong sinasabi ng Biblia na iisa lamang ang Diyos ngunit sinasabi rin nito na mayroong Diyos Ama, Anak, at Espiritu Santo? At paano natin ito mapananampalatayanan kung hindi naman natin ito maunawaan?

Ang Biblia ay Salita ng Diyos. Kung sinasabi nitong iisa lamang ang Diyos ngunit mayroong Diyos Ama, Anak, at Espiritu Santo, ito ang katotohanan. Hindi nagsisinungaling ang Diyos.

Ngunit paano nga natin ito uunawain? Ang sagot ay hindi natin ito kayang unawain nang lubos. Hindi natin dapat tangkaing ito ay unawain nang lubos. Marami nang sumubok na gawin ito ngunit nabigo. Ang dapat nating gawin ay tanggapin ang pahayag ng Biblia kahit hindi natin ito kayang unawain nang lubos.

May mga taong hindi natutuwa sa ganitong sagot. Sa kanilang palagay, hindi nila maaaring paniwalaan ang isang bagay na hindi nila nauunawaan. Ang problema sa ganitong pangangatuwiran, maraming bagay ang hindi naman natin lubos na nauunawaan ngunit tinatanggap natin bilang katotohanan. Kaya kung mayroon man tayong hindi nauunawaan tungkol sa Diyos, hindi ito dahilan upang hindi natin ito paniwalaan.

Mayroong isang salita na nagpapaliwanag sa katotohanang iisa lamang ang tunay na Diyos ngunit siya rin ay umiiral bilang Ama, Anak, at Espiritu Santo. Ito ay ang salitang "Trinidad". Binubuo ito ng dalawang salitang pinagsama - ang "tri" na ang ibig sabihin ay tatlo at ang "unidad" na ang ibig sabihin ay "pagiging isa". Kung sinasabi nating ang Diyos ay Trinidad, ibig sabihin ay iisa lamang ang Diyos at mayroon siyang tatlong persona. Hindi natin sinasabing mayroong tatlong Diyos sapagkat malinaw ang sinasabi ng Biblia na iisa lamang ang Diyos. Iisang Diyos, tatlong persona: Ama, Anak, at Espiritu Santo. Ito ang ibig sabihin ng Trinidad.

8. Naniniwala tayo sa sinasabi ng Biblia tungkol sa Diyos dahil ito ang __________ ng Diyos.
9. Hindi natin kailangang __________ ang isang bagay upang paniwalaan ito.
10. Sinasabi nating ang Diyos ay __________, ibig sabihin na siya mayroong tatlong persona ngunit iisang Diyos.
11. Iisa lamang ang __________ ngunit siya ay mayroong tatlong __________.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 27)

Maraming ipinaliliwanag ang Biblia tungkol sa Trinidad. Sinasabi sa atin nito na ang tatlong persona ay magkakapantay.

Sila ay magkakapantay na walang hanggan. Ibig sabihin ng walang hanggan ay walang simula at walang katapusan. Sila ay magkakapantay na makapangyarihan. Sila ay magkakapantay sa karunungan. Sila rin ay magkakapantay na mapagmahal at walang itinatangi. Hindi natin maaaring sabihin na ang ang isang persona ng Trinidad ay higit na mahalaga o higit na banal kaysa ibang persona.

Hindi ito nagbago kahit nang magkatawang-tao ang Anak ng Diyos upang iligtas tayo. Ang Anak ng Diyos ay si Jesu-Cristo. Natatangi siya sapagkat siya ay mayroong dalawang kalikasan. Ang kanyang banal na kalikasan o pagka-Diyos ay taglay na niya sa simula pa lamang. Ngunit ang kanyang kalikasang tao ay nagsimula noong siya ay ipinaglihi at ipinanganak ng birheng Maria, kaya siya ay Diyos at tao sa iisang katauhan. Hindi binago ng kamangha-manghang himalang ito ang Diyos. Ngunit maraming pagbabagong naganap sa buhay ni Jesus bilang tao.

Noong naririto sa lupa si Jesus, hindi niya palagi at lubos na ginamit ang mga kakayahan at katangiang ibinahagi ng kanyang banal na kalikasan sa kanyang kalikasang tao. Si Jesus ay nagpakababa nang siya ay magkatawang-tao. Namuhay siya bilang isang lingkod ng Diyos. "Kahit siya'y likas at tunay na Diyos, hindi niya ipinagpilitang manatiling kapantay ng Diyos. Sa halip, kusa niyang hinubad ang pagiging kapantay ng Diyos, at naging katulad ng isang alipin. Ipinanganak siyang tulad ng

mga karaniwang tao" (Filipos 2:6-7). Siya ay naging masunurin kahit hanggang sa kanyang kamatayan sa krus bilang handog na kabayaran sa ating mga kasalanan. Ito ang dahilan kung kaya sinabi ni Jesus, "...dakila ang Ama kaysa akin" (Juan 14:28). Higit na dakila ang Diyos Ama kaysa kay Jesus ayon sa kanyang kalikasang tao noong panahon ng kanyang pagpapakababa. Ngunit pagkatapos na mabayaran ni Jesus ang lahat ng kasalanan ng sangkatauhan, siya ay muling naging kapantay ng Diyos maging ayon sa kanyang kalikasang tao. Ipinakita niya ito nang siya ay muling nabuhay at nang sinabi niya sa kanyang mga alagad, "Ibinigay na sa akin ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa" (Mateo 28:18).

Ang tatlong persona ng Trinidad ay magkakapantay. Ngunit natatangi rin ang bawat isang persona. Iniuugnay natin ang paglikha sa lahat ng bagay at ang pagpapanatili ng mga ito sa Ama. Iniuugnay natin sa Anak ang pagliligtas sa atin mula sa ating mga kasalanan. Iniuugnay naman natin

sa Espiritu Santo ang pagkakaloob sa atin ng pananampalataya sa Diyos at sa kanyang mga ginawa para sa atin. Ngunit hindi ibig sabihin nito na ang dalawang persona ay walang anumang bahagi sa mga gawaing iniuugnay sa isang persona. Ibig sabihin lamang nito na ang isang persona ay mayroong higit na malaking bahagi kaysa iba sa mga gawaing iniuugnay sa kanya.

12. Ang tatlong persona ng Diyos ay _______.
13. Ang tatlong persona ay magkakapantay na __________, ibig sabihin, walang simula at wala ring katapusan.
14. Nanaog at nabuhay sa mundo ang Anak ng Diyos bilang isang __________. Ngunit habang siya ay naririto sa lupa, hindi lubos na ginamit ni Jesus ang kanyang mga kakayahan at katangian bilang __________ ___ __________.
15. Pagkatapos na muling mabuhay si Jesus, itinaas siya ng Diyos ayon sa kanyang kalikasang tao at dahil dito ay muli siyang naging __________ ng Diyos.

16. Ang paglikha at pagpapanatili sa lahat ng bagay ay iniuugnay sa __________.
17. Iniuugnay sa __________ ang pagliligtas sa atin sa ating mga kasalanan.
18. Iniuugnay sa Espiritu Santo ang pagkakaloob sa atin ng __________ sa Diyos.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 27)

### *Pagbabalik-aral sa Ikalawang Kabanata*

Ang kasaysayan ay nagpapakita kung paanong sinisikap ng taong tuklasin kung ano ang Diyos. May mga naniniwalang maraming diyos. Ngunit sinasabi ng Biblia na mayroon lamang iisang tunay na Diyos. Itinatangi ng paniniwalang ito ang mga taong hinirang ng Diyos mula sa iba pang mga lahi. Ngunit nagpapahayag din ang Biblia tungkol sa Diyos bilang Ama, Anak, at Espiritu Santo. Ang Diyos ay iisa ngunit siya ay mayroong tatlong persona.

Hindi natin ito lubos na mauunawaan. Ngunit hindi naman natin kailangang maunawaan ang isang bagay upang ito ay ating paniwalaan. Ito ang sinasabi ng Biblia tungkol sa Diyos kaya pinaniniwalaan natin ito. Hindi nagsisinungaling ang Diyos.

Ginagamit natin ang salitang Trinidad upang ilarawan ang katotohanang ang Diyos ay iisa ngunit mayroong tatlong persona. Ang bawat isang persona ng Trinidad ay pantay-pantay na banal, makapangyarihan, marunong, matuwid, at mapagmahal. Walang isa sa kanila na nakahihigit kaysa isa pa. Nanaog sa mundo ang Anak ng Diyos, si Jesu-Cristo. Ang malaking bahagi ng kanyang buhay dito sa lupa ay ginugol niya bilang isang lingkod ng Diyos. Hindi niya lubos na ginamit ang kanyang mga kakayahan at katangian bilang Anak ng Diyos. Ngunit nagbago ito nang siya ay muling nabuhay. Ngayon ang bawat isang

**Mga sagot sa mga tanong sa Ikalawang Kabanata:**
1. maraming; 2. Biblia; 3. bayang pinili; 4. tatlo; 5. Ama; 6. Anak ng Diyos; 7. Espiritu Santo; 8. Salita; 9. makita; 10. Trinidad; 11. Diyos,persona; 12. magkakapantay; 13. walang hanggan; 14. tao,Anak ng Diyos; 15. kapantay; 16. Ama; 17. Anak; 18. pananalig/pananampalataya.

nakakikilala sa kanya ay nauunawaang siya ang ating Panginoong Diyos.

Iniuugnay natin ang bawat isang persona sa isang natatanging gawain ng Diyos. Lahat ng tatlong persona ay may bahagi sa mga gawaing ito ngunit nakikita nating ang isang persona ay mayroong higit na malaking bahagi kaysa iba pang persona sa bawat gawaing ito. Ang Ama ang lumikha at nagpapanatili sa lahat ng bagay. Ang Anak ang nagligtas sa atin sa ating mga kasalanan. Ang Espiritu Santo ang nagkakaloob sa atin ng pananampalataya sa Diyos.

## *Pagsusulit sa Ikalawang Kabanata*

1. Maraming tao ang naniniwalang ___________ diyos.

2. Sinasabi ng Biblia na mayroon lamang ___________ Diyos.

3. Ngunit ang iisang Diyos na ito ay mayroong tatlong persona: ang ___________, ang __________, at ang ___________.

4. Pinananampalatayanan natin ito sapagkat ito ang sinasabi ng ___________.

5. Ang Diyos ay iisa ngunit siya ay mayroong tatlong ____________.

6. Ginagamit natin ang salitang ___________ upang ilarawan na ang Diyos ay iisa ngunit mayroong tatlong persona.

7. Ang tatlong persona ay ___________ sa kapangyarihan, karunungan, katuwiran, at pag-ibig.

8. Noong si Jesus ay naririto sa lupa, hindi niya lubos at palaging ginamit ang kanyang mga kakayahan bilang ___________.

9. Nang siya ay __________, hindi na niya itinago ang pagiging kapantay niya sa Diyos.

10. Iniuugnay natin sa Ama ang __________ at __________.

11. Iniuugnay natin sa Anak ang _____________.

12. Iniuugnay natin sa Espiritu Santo ang pagkakaloob sa atin ng __________.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 107)

*Ikatlong Kabanata*

# ANG DIYOS AMA

Nakalikha ka na ba ng isang bagay? Kung ikaw ay may kakayahang magpinta, marahil ay nakalikha ka na ng ilang mga larawan. Kung ikaw ay manunulat, ilang mga kuwento o tula na rin marahil ang nalikha mo. Nananahan sa bawat isa sa atin ang pagiging malikhain.

Ang Diyos ay malikhain din. Nilikha niya ang daigdig at ang lahat ng bagay na naririto gaya ng araw, buwan, at mga bituin. Ang Diyos Ama ang persona ng Trinidad na iniuugnay natin sa gawain ng paglikha. Sa kabanatang ito ay ating

tatalakayin ang Unang Pangkat ng Credo ng mga Apostol. Dito ay ipinahahahayag ng mga Cristiano ang kanilang pananampalataya tungkol sa Ama. Sa pagtatapos ng kabanatang ito ay matutukoy mo:

* kung kailan at paano nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay;
* kung paanong patuloy na pinangangalagaan ng Diyos ang kanyang mga nilikha; at
* kung ano ang sumira sa kanyang nilikha.

***"Sumasampalataya ako sa Diyos, Amang Makapangyarihan sa lahat..."***

Ito ang unang mga salita sa Unang Pangkat. Sa pamamagitan ng mga salitang ito ay ipinahahahayag natin na ang Ama ang Makapangyarihan sa lahat. Walang anumang bagay ang hindi niya magagawa. Walang sinuman ang makahahadlang sa kanya upang gawin ang mga bagay na nais niyang gawin.



*Nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay sa daigdig.*

***"...lumikha ng langit at lupa."***

Paano nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay? Kung mayroon tayong nais na likhain, kailangan nating magsimula sa isang bagay na umiiral na. Halimbawa, kailangan ng isang pintor ang brush, pintura, at papel o canvass upang makalikha ng isang larawan. Ngunit sa simula, tanging Diyos lamang ang naroroon. Walang sinuman o anuman ang umiiral. Nilikha niya ang lahat ng bagay sa pamamagitan ng kanyang salita. Sinasabi sa atin ng Biblia, "Sinabi ng Diyos, magkaroon..." at gayon nga ang nangyari.

Ang unang mga salita ng Diyos sa Biblia ay, "Magkaroon ng liwanag." Sinasabi sa atin ng Biblia, "At nagkaroon nga" (Genesis 1:3). Ang kasaysayan ng paglikha sa daigdig ay matatagpuan sa unang kabanata ng Biblia, Genesis 1. Sinasabi sa atin dito kung paanong sa pamamagitan ng kanyang salita ay nilikha ng Diyos ang buong daigdig at ang lahat ng naririto. Ginawa niya ito sa loob ng anim na araw. Sa ikapitong araw siya ay nagpahinga,

ibig sabihin, siya ay huminto sa paglikha. Ito ang dahilan kung bakit mayroon tayong pitong araw sa loob ng isang linggo. Ginugunita nito ang paglikha.

1. Ang Unang __________ ng Credo ng mga Apostol ay tungkol sa Ama.
2. Sinasabi nating ang Diyos ang __________ sa lahat.
3. Nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay sa pamamagitan ng kanyang _________.
4. Nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay sa loob ng __________ na araw.
5. Sa ikapitong araw siya ay __________.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 46)

Maraming tao ngayon ang hindi naniniwala sa sinasabi ng Biblia tungkol sa paglikha. Iniisip nilang ang daigdig ay nabuo sa pamamagitan ng sarili nitong pagkilos. Iniisip nilang mayroong isang bolang binubuo ng mga materyales. Sumabog ito sa kalawakan at ang ilang mga bahagi nito ay naging mga bituin at mga planeta.

Pagkatapos noon, sinasabi nilang nagsimulang magkaroon ng buhay dito sa daigdig, at pagkalipas ng milyun-milyong taon, nagsimulang mabuhay ang mga tao at mga hayop pati na rin ang mga puno. Ang paniniwalang ito ay tinatawag na Teorya ng Ebolusyon.

Maraming dahilan kung bakit ang Teorya ng Ebolusyon ay hindi wasto. Isa sa mga ito ang haka-hakang mayroong naganap na pagsabog sa kalawakan sa simula. Maaari bang ang isang pagsabog ay magresulta sa pagkabuo ng isang bagay na gaya ng daigdig? Ang anumang pagsabog ay nagdudulot ng pagkawasak at hindi pagkabuo. Mayroong nagsabi, "Maniniwala ako sa Teorya ng Ebolusyon kung pagkatapos kong ihagis ang isang dinamita sa tumpok ng mga sirang bakal ay makakabuo ako ng isang sasakyan."

Ibinibigay sa atin ng Biblia ang pinakamatibay na mga dahilan kung bakit hindi wasto ang teoryang ito. Una sa lahat, sinasabi ng Biblia,

"Bawat bahay ay may tagapagtayo, ngunit ang Diyos lamang ang nagtayo ng lahat ng bagay" (Hebreo 3:4). Hindi nililikha ng mga bagay ang kanilang mga sarili. Mayroong lumilikha sa kanila. Ang Diyos ang lumikha ng langit at lupa.

Ang isa pang dahilan ay inilalahad sa isa pang bahagi ng Biblia. Tinanong ng Diyos ang isang lalaking nagngangalang Job, "Ikaw ba ay tao na nang gawin ko ang mundo?" (Job 38:4). Walang mga taong nakasaksi nang likhain ang daigdig. Tanging Diyos lamang ang naroroon. Ang kanyang Salita, ang Biblia, ay ang kanyang pahayag kung ano ang nangyari. Ang Teorya ng Ebolusyon ay haka-haka lamang ng tao. Wala sila roon nang likhain ang daigdig. Nagsasapantaha lamang sila at mali ang kanilang sapantaha.

6. May mga taong naniniwala sa Teorya ng ___________.
7. Iniisip nilang ang daigdig ay nabuo sa sarili nitong ___________.



*Binigyan ng Diyos sina Adan at Eva ng maraming kaloob.*

8. Iniisip din nilang ang daigdig ay nagsimula nang __________ ang isang bolang binubuo ng mga materyales.
9. Ang mga pagsabog ay __________, hindi __________.
10. Sinasabi ng Biblia na ang Tagapagtayo ng lahat ng bagay ay ang __________.
11. Sinasabi ng Biblia na tanging ang Diyos lamang ang ____________ kung paanong nagsimula ang daigdig.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 46)

Higit tayong interesadong malaman kung paanong nilikha ng Diyos ang tao. Nilikha niya ang unang tao, si Adan, mula sa alabok ng lupa. Hiningahan niya ito. Pagkatapos ay nilikha niya si Eva mula sa isa sa mga tadyang ni Adan at silang dalawa ay kanyang pinagbuklod bilang mag-asawa. Ibinigay niya sa kanila ang pamamahala sa lahat ng kanyang mga nilikha.

Nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay. Nilikha rin niya ang mga anghel. Ang mga anghel ay 'di

nakikitang mga nilalang na naglilingkod sa Diyos. Pagkatapos niyang likhain ang daigdig ay hindi niya ito kinalimutan o pinabayaan. Patuloy niyang kinakalinga at pinangangalagaan ang daigdig at ang lahat ng tao. Siya ang nagpapadala ng ulan at nagpapasikat ng araw upang lumago ang mga halaman. Ipinahihintulot niyang magpatuloy ang mga panahon ng tag-init at taglamig, tagsibol at taglagas. Pinananatili niya ang mga tala at mga planeta sa kani-kanilang lugar.

Pinananatili rin niya tayo. Ibinibigay niya ang lahat ng kailangan natin upang mabuhay. Ibinibigay niya sa atin ang higit pa sa kailangan natin. Halimbawa, hindi lamang isang uri ng pagkain ang ibinibigay niya sa atin kundi iba't ibang uri ng pagkain at inumin upang mabuhay. Binibigyan niya tayo ng damit at ng bahay upang ating matirahan. Inilalayo niya tayo sa mga panganib at tinutulungan niya tayo sa mga panahong tayo ay nasasaktan.

12. Nilikha ng Diyos ang unang tao mula sa __________.
13. Nilikha niya ang unang babae mula sa __________ ng lalaki.
14. Ibinigay niya sa kanila ang __________ sa lahat ng kanyang mga nilikha.
15. Patuloy niyang _________ ang daigdig at ang lahat ng kanyang mga nilikha.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 46)

Nararapat lamang na pasalamatan natin ang Diyos dahil sa paglikha niya at patuloy na pagkalinga sa atin. Nararapat lamang na siya ay ating mahalin at paglingkuran. Ngunit batid nating hindi natin siya palaging iniibig at pinaglilingkuran gaya nang nararapat. Nagkakasala tayong mga tao laban sa Diyos sa lahat ng oras.

Si Adan at ang kanyang asawa ang unang nagkasala. Nilikha sila ng Diyos na banal at matuwid. Nilikha silang walang anumang bahid ng kasalanan. Ibinigay ng Diyos sa kanila ang buong daigdig na napakaganda at walang

anumang kasamaan. Iniutos lamang niyang iwasan nila ang bunga mula sa isang puno. Ngunit tinukso sila ng diyablo upang kainin ang bungang ito mula sa ipinagbabawal na puno. At sinunod nila ang diyablo.

Ito ang naging sanhi ng pagkawasak ng napakagandang daigdig na nilikha ng Diyos. Pumasok ang pagkabulok at kamatayan sa sanlibutan. Hindi nilikha ng Diyos ang mga ito. Ang pagkabulok at kamatayan ay mga bunga ng kasalanan. At nananatili pa rin ang mga ito hanggang ngayon.

Ngunit ang Diyos ay mapagpatawad. Ipinangako niya kay Adan at sa kanyang asawa ang isang Tagapagligtas. Ang Tagapagligtas na ito ay si Jesu-Cristo. Inalis niya ang kamatayan na nauukol sa atin dahil sa ating mga kasalanan. Ipinangako niyang siya'y muling magbabalik. Sa araw na iyon ang daigdig na ito na batbat ng kasalanan ay magbabago. Ang Diyos ay lilikha ng isang

bagong langit at bagong lupa na ayon sa Biblia ay muling magiging sakdal at mabuti.

Sa araw ding iyon, tayo ay muli niyang gagawing sakdal at matuwid. At mabubuhay tayo nang walang hanggan sa kanyang piling sa langit.

16. Nararapat nating ___________ ang Diyos dahil sa paglikha niya at patuloy na pagkalinga sa atin.
17. Ngunit araw-araw ay ___________ ang tao laban sa Diyos.
18. Unang nagkasala sina Adan at ang kanyang asawa nang kanin nila ang ___________ na ipinagbabawal ng Diyos.
19. Dahil sa kanilang pagkakasala, pumasok ang ___________ at ___________ sa daigdig.
20. Sa muling pagbabalik ni Jesus, siya ay lilikha ng isang bagong ___________ at ___________.
21. Mabubuhay tayo roon sa kanyang piling sa ___________.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 46)

### *Pagbabalik-aral sa Ikatlong Kabanata*

Ang Unang Pangkat ng Credo ng mga Apostol ay tumatalakay sa Diyos Ama na Makapangyarihan sa lahat. Siya ang lumikha ng langit at lupa. Nilikha niya ang buong daigdig. Ginawa niya ito sa pamamagitan ng kapangyarihan ng kanyang salita. Nagwika siya at lumitaw ang mga bagay na kanyang nilikha.

Sa ganitong paraan niya nilikha ang lahat ng bagay sa loob ng anim na araw. Sa ikapitong araw, siya ay nagpahinga. Mayroong mga naniniwala na ang daigdig ay nabuo bilang resulta ng isang malaking pagsabog milyong taon na ang nakalipas. Tinatawag itong Teorya ng Ebolusyon. Ngunit ang teoryang ito ay humahantong sa maling konklusyon na kung mayroong pagsabog, ang dulot nito ay ang pagkabuo ng panibagong mga bagay, gayong ang totoo, ang mga pagsabog ay nagdudulot ng pagkawasak ng mga bagay. Sinasabi ng Biblia na mayroong lumikha sa lahat ng bagay,

at ang lumikhang ito ng lahat ng bagay ay ang Diyos. Sinasabi rin nito na ang Diyos ang tanging saksi kung paanong nagsimula ang lahat ng bagay. Ang kanyang Salita ay katotohanan.

Pinananatili ng Diyos Ama ang lahat ng bagay na kanyang nilikha. Pinasisikat niya ang araw at pinapapatak ang ulan. Binibigyan niya tayo ng pagkain, damit, at tirahan. Binibigyan niya tayo ng higit pa sa kailangan natin upang mabuhay.

Nararapat nating pasalamatan at paglingkuran ang Diyos sa lahat ng ito. Ngunit araw-araw tayong nagkakasala. Nagsimula ang kasalanan sa ating unang mga magulang na sina Adan at Eva. Si Adan ang unang taong nilikha ng Diyos. Nilikha siya mula sa alabok ng lupa at hiningahan ng Diyos upang magkaroon ng buhay. Mula sa kanyang tadyang ay nilikha naman ng Diyos ang isang babae. Ginawa sila ng Diyos na tagapamahala ng buong daigdig. Sila ay banal at matuwid.

Ngunit sinuway nila ang utos ng Diyos. Dahil sa kanilang kasalanan, pumasok sa sanlibutan ang kamatayan at pagkabulok. Pinawi ni Jesu-Cristo ang lahat ng ating mga kasalanan sa pamamagitan ng kanyang matuwid at banal na pamumuhay at sa pamamagitan ng kanyang kamatayan sa krus. Siya'y muling magbabalik upang baguhin ang sanlibutang ito. Gagawin niyang bago at mabuti ang lahat ng bagay, at mabubuhay tayo nang walang hanggan sa kanyang piling.

**Mga sagot sa mga tanong sa Ikatlong Kabanata:**
1. Pangkat; 2. Makapangyarihan; 3. salita; 4. anim; 5. nagpahinga; 6. Ebolusyon; 7. pagkilos; 8. sumabog; 9. nagwawasak, nagbubuo; 10. Diyos; 11. saksi; 12. alabok; 13. tadyang; 14. pamamahala; 15. kinakalinga; 16. pasalamatan; 17. nagkakasala; 18. bunga; 19. pagkabulok,kamatayan; 20. langit,lupa; 21. walang hanggan.

## *Pagsusulit sa Ikatlong Kabanata*

1. Ang Unang __________ ng Credo ng mga Apostol ay tungkol sa Ama.

2. Sinasabi nating ang Diyos ang __________ sa lahat.

3. Nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay sa pamamagitan ng kanyang _________.

4. May mga taong naniniwala sa Teorya ng __________.

5. Sinasabi ng Biblia na ang Tagapagtayo ng lahat ng bagay ay ang __________.

6. Sinasabi ng Biblia na tanging ang Diyos lamang ang ____________ kung paanong nagsimula ang daigdig.

7. Patuloy niyang _________ ang daigdig at ang lahat ng kanyang nilikha.

8. Binibigyan tayo ng Diyos ng __________, __________, at ____________, mga bagay na kailangan natin upang mabuhay.

9. Nilikha ng Diyos ang unang tao mula sa __________.

10. Nilikha niya ang unang babae mula sa __________ ng lalaki.

11. Ibinigay niya sa kanila ang __________ sa buong daigdig.

12. Nararapat nating __________ ang Diyos dahil sa paglikha niya at patuloy na pagkalinga sa atin.

13. Ngunit araw-araw ay __________ ang tao laban sa Diyos.

14. Unang nagkasala sina Adan at ang kanyang asawa nang kanin nila ang __________ na ipinagbabawal ng Diyos.

15. Dahil sa ating ___________, pumasok ang kamatayan at pagkabulok sa daigdig.

16. Sa muling pagbabalik ni Jesus, __________ ang mundong ito.

17. Lilikha siya ng isang bagong langit at bagong __________.

18. Mabubuhay tayo roon sa kanyang piling sa __________.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 107)

*Ikaapat na Kabanata*

# ANG ANAK NG DIYOS

Masarap sa pakiramdam na tayo ay nabibisita ng ating mga kaibigan o mahal sa buhay. Nagpapakita ito na sila ay mayroong malasakit sa atin. Kahit minsan ay kailangan nilang magbiyahe ng mahabang oras dahil malayo ang kanilang pinanggagalingan, masaya pa rin sila na tayo ay kanilang mabisita dahil ganoon ang pagpapahalaga nila sa atin.

Ganito rin ang ginawa ng Anak ng Diyos para sa atin. Nanaog siya rito sa mundo upang makasama tayo. Ngunit higit pa roon ang ginawa niya. Siya ay naparito upang iligtas

tayo mula sa kaparusahang nauukol sa atin dahil sa ating mga kasalanan.

Ano'ng mararamdaman o maiisip mo kung malaman mong ang isang taong nasaktan mo ay nais kang puntahan? Malamang ay mag-aalala kang baka ang pakay niya ay gantihan ka. Ngunit paano kung sabihin niyang ang pakay ng kanyang pagbisita ay upang sabihin sa iyong pinatatawad ka na niya?

Imposible ba itong mangyari? Sa Ikalawang Pangkat ng Credo ng mga Apostol, ipinahahahayag nating ito ang ginawa ng Anak ng Diyos para sa atin. Ipinaliliwanag sa Ikalawang Pangkat ng Credo kung sino siya, ano ang layunin ng kanyang pagparito, at ano ang gagawin niya sa darating na panahon. Sa pagtatapos ng kabanatang ito ay maipaliliwanag mo:

* ang pagkakatawang-tao ng Anak ng Diyos;
* paano niya napagtagumpayan ang

kasalanan, kamatayan, at ang diyablo; at
* ano ang gagawin niya para sa atin ngayon at sa darating na panahon.

***"Sumasampalataya ako kay Jesu-Cristo, kanyang bugtong na Anak, na ating Panginoon…"***

Ito ang unang mga salita sa Ikalawang Pangkat ng Credo ng mga Apostol. Tuwing ipinahahayag natin ito, sinasabi nating nananampalataya tayo sa ilang kamangha-manghang mga bagay. Nananampalataya tayo na ang isang karpinterong Judio na nabuhay higit 2,000 na taon na ang nakalipas ay ang Anak ng Diyos na nagkatawang-tao.

Gaya ng Diyos Ama, ang Anak ng Diyos ay walang hanggan. Wala siyang simula. Ang mga magulang natin ay maraming taon nang nabubuhay bago tayo isilang. Ngunit ang Diyos Ama at ang Anak ay kapwa walang hanggan.

Ibig sabihin nito na hindi nilikha ng Diyos Ama ang Anak. Siya ay walang simula gaya ng kanyang Ama.



*Ibinalot ni Maria ang sanggol na si Jesus*
*sa isang tela at inihiga siya sa isang sabsaban.*

1. Ang Anak ng Diyos ay gaya ng Ama na __________, walang simula at walang katapusan.
2. Hindi __________ ang Diyos Ama bago ang Anak.
3. Hindi __________ ng Diyos Ama ang Anak.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 72)

***"...ipinaglihi sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ipinanganak ng birheng Maria..."***

Nanaog ang Anak ng Diyos at nabuhay sa mundo. Pumasok siya sa ating daigdig sa pamamagitan ng kanyang pagkakatawang-tao. Siya'y naging tao na gaya natin.

Hindi ba lahat ng tao ay makasalanan? Minana natin ang ating pagiging makasalanan mula sa ating mga magulang. Ngunit nang magkatawang-tao ang Anak ng Diyos, hindi niya minana ang kasalanan. Nagkatawang-tao siya ngunit wala siyang bahid ng kasalanan. Hindi tao ang kanyang ama. Ang pagkakatawang-tao niya ay isang himala na ginawa ng Espiritu Santo.

Batid natin kung paanong nagsisimula ang buhay ng mga sanggol. Sila ay mayroong ama at ina. Ngunit si Jesus ay walang ama sa laman. Ipinaglihi siya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo sa sinapupunan ng isang dalagang nagngangalang Maria.

Si Maria ay isang birhen. Wala siyang asawa at hindi pa kailanman sumiping sa isang lalaki. Isang anghel ang napakita sa kanya at ipinahayag sa kanya kung ano ang magaganap. Nangusap rin ang isang anghel sa lalaking nakatakda niyang maging asawa, si Jose na isang karpintero. Sinabi ng anghel sa kanila na ang sanggol na ipanganganak ni Maria ay ang Anak ng Diyos. Ipinagdiriwang ngayon ng mga Cristiano ang kapanganakan ni Jesus tuwing Pasko.

4. Ang Anak ng Diyos ay ___________ gaya natin.
5. Ngunit hindi siya isinilang na ___________ gaya ng mga tao.

6. Siya ay __________ sa pamamagitan ng Espiritu Santo.
7. Ang kanyang ina ay isang birhen na nagngangalang __________.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 72)

***"…nagdusa sa ilalim ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay at inilibing."***

Sa isang banda, tayo ay mga bilanggo. Sinuway natin ang mga utos ng Diyos. Nagkasala tayo. Hinatulan tayong maparusahan nang walang hanggang kamatayan. Ang mundong ito ay parang isang lugar ng kamatayan para sa lahat.

Naparito si Jesus upang mamatay para sa atin. Pinasan niya ang ating mga kasalanan. Pinarusahan siya para sa lahat ng mga kasalanan at kasamaan ng tao. Nangyari ito nang siya ay ipako sa krus.

Maraming relihiyon ang nagtatangkang bigyan ng solusyon ang problema ng kasalanan. Batid

nilang tayo ay mga makasalanan. Inilalatag nila sa atin ang iba't ibang mga paraan upang makaiwas tayo sa kaparusahan. Ngunit pare-pareho lamang ang mga ito. Sinasabi ng mga relihiyong ito sa mga tao kung ano ang dapat o hindi nila dapat gawin, manalangin nang ganito o mag-alay nang ganyang mga handog. At sa wakas ng iyong buhay, malalaman mo kung sapat na ang kabutihang nagawa mo. Ito ang itinuturo ng mga huwad na relihiyong ito.

Ngunit walang sinumang makagagawa nang sapat na kabutihan upang makaiwas sa kaparusahan. Sa wakas ng kanilang buhay, ang tanging malalaman ng mga tao ay hindi nila maililigtas ang kanilang sarili. Sa araw o oras na iyon, huli na ang lahat upang makagawa pa ng anumang bagay upang mabago ito.

Pakinggan natin ang Biblia. Sinasabi sa atin nito na matitiyak natin ngayon na tayo ay ligtas na. Hindi na tayo maparurusahan sa ating mga

kasalanan. Pinagdusahan na ni Jesus ang lahat ng mga ito. Hindi natin kailangang maghintay hanggang tayo ay mamatay upang malaman natin kung pupunta tayo sa langit o sa impiyerno. Iniligtas na tayo ni Jesus. Ipinahahayag natin sa Credo ng mga Apostol kung paano at kailan niya ito ginawa. Paano? Siya ay **"nagdusa...ipinako sa krus, namatay at inilibing."** Kailan? **"Sa ilalim ni Poncio Pilato."** Parang ganito ang sinasabi natin: "Ako ay naligtas noong taong 30 AD. Sa taong ito naging gobernador si Pilato sa lupain ng mga Judio."

8. Si Jesus ay namatay upang bayaran ang kaparusahang nauukol sa atin dahil sa ating mga ___________.
9. Iniligtas niya tayo nang siya ay ipako sa ____________ at namatay para sa atin.
10. Ang gobernador na humatol sa kanya ay si ___________ _____________.
11. Itinuturo ng ibang mga relihiyon na hindi mo malalaman kung ikaw ay ligtas hanggang sa ikaw ay _____________.

12. Masasabi nating tayo ay naligtas noong taong si __________ _____________ ang gobernador sa lupain ng mga Judio.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 72)

***"Siya ay bumaba sa impiyerno."***

Ang lahat ng kasalanan ay nabayaran na sa pamamagitan ng kamatayan ni Jesus. Bago siya mamatay ay kanyang sinabi, "Naganap na!" (Juan 19:30). Sa kanyang pagkamatay, ang kanyang gawain na pasanin ang pagdurusa at kaparusahan para sa ating mga kasalanan ay natupad na.

Bakit siya bumaba sa impiyerno? Kung ang makasalanang mga tao na tumangging manampalataya kay Jesus ay mamatay at mapunta sa impiyerno, ito ay upang pagdusahan nila ang kaparusahan sa kanilang mga kasalanan. Sila ay bilanggo roon magpakailanman. Ngunit nang si Jesus ay nagtungo sa impiyerno, ginawa niya ito hindi

bilang isang bilanggo kundi bilang isang nagtagumpay laban sa diyablo.

Inakala ng diyablo na sinumang pumasok sa impiyerno ay hindi na makalalabas. Ngunit minsan ay pumasok si Jesus sa impiyerno. Siya ang may kapangyarihan laban sa diyablo. Siya ay naparoon bilang isang nagtagumpay laban sa diyablo. Ipinahayag niya sa lahat ng nasa impiyerno ang tagumpay niyang ito.

Pagkatapos nito ay ginawa niya ang isang bagay na hindi pa nagagawa ninuman at walang sinumang makagagawa kailanman. Nilisan niya ang impiyerno. Sinasabi ng Biblia na siya ang may hawak ng susi ng impiyerno. Ibig sabihin, si Jesus ang may kapangyarihan dito. Siya ang nagpapasya kung sino ang papasok sa impiyerno at kung sino ang papasok sa langit.

13. Pumunta si Jesus sa impiyerno hindi upang __________ dahil sa kasalanan.



*Sinabi ng anghel sa mga babae na si Jesus ay muling nabuhay.*

14. Pumaroon siya upang ipahayag sa diyablo at sa lahat ng naroroon na ___________ na niya ang diyablo.
15. Hawak niya ngayon ang ___________ sa impiyerno.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 72)

***"Nang ikatlong araw siya ay nagbangon mula sa mga patay."***

Makalipas ang tatlong araw, si Jesus ay muling nabuhay. Ito ang ipinagdiriwang natin tuwing Linggo ng Pagkabuhay. Bakit natin ito ipinagdiriwang? Maraming pinatunayan si Jesus sa pamamagitan ng kanyang muling pagkabuhay. Una, pinatunayan niya na siya ang Anak ng Diyos. Ipinahayag niya sa mga tao na siya ang Anak ng Diyos at sinabi niyang patutunayan niya ito sa pamamagitan ng muli niyang pagkabuhay. Nang muling mabuhay si Jesus, iyon ang katunayan ng kanyang pahayag.

Ikalawa, ang kanyang muling pagkabuhay ay nagpapatunay na nabayaran na niya ang lahat ng ating mga kasalanan. Kamatayan ang kaparusahan sa kasalanan ng sangkatauhan. Pinagdusahan ito ni Jesus para sa atin. Habang siya ay nakapako sa krus ay sinabi niya, "Naganap na." Ibig niyang sabihin na ang kanyang gawain upang iligtas tayo ay naisakatuparan na niya. Ngunit paano tayo nakatitiyak na gayon nga? Dahil siya ay muling nabuhay pagkaraan ng tatlong araw! Ang himalang ito ng Diyos ay nagpapatunay na ang lahat ng kasalanan ng lahat ng tao ay bayad na.

Ikatlo, pinatutunayan ng muling pagkabuhay ni Jesus na lahat ng nananampalataya sa kanya ay muli ring mabubuhay. Bago siya mamatay, ipinangako niya sa kanyang mga alagad, "...sapagkat mabubuhay ako, at mabubuhay rin kayo" (Juan 14:19). Binayaran niya ang lahat ng ating mga kasalanan upang hindi na natin kailangang pagdusahan ang mga iyon. Sa Huling Araw, tayo rin ay magbabangon mula sa

ating mga libingan. Mabubuhay tayo magpakailanman sa piling ni Jesus sa langit.

16. Ang muling pagkabuhay ni Jesus ay ating ipinagdiriwang tuwing Linggo ng ________.
17. Pinatutunayan ng kanyang muling pagkabuhay na siya nga ang __________ ng __________.
18. Pinatutunayan din nito na ang lahat ng ating mga __________ ay nabayaran na.
19. Pinatutunayan din nito na tayo rin ay magbabangon mula sa ating mga __________ sa Huling Araw.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 72)

***"Siya ay umakyat sa langit, at nakaluklok sa kanan ng Diyos Amang Makapangyarihan."***

Apatnapung araw pagkatapos na siya ay muling mabuhay, umakyat si Jesus sa langit. Dinala niya ang kanyang mga alagad sa isang burol, at siya ay unti-unting umakyat sa langit hanggang sa natakpan na siya ng ulap.



*Muling nabuhay si Jesus at umakyat sa langit.*

Ipinahahayag natin na siya ngayon ay nasa kanan ng Ama. Ibig sabihin nito na taglay niya ngayon ang buong kapangyarihan gaya ng Ama. Nang siya ay naririto sa lupa, hindi niya lubos na ginamit ang lahat ng kapangyarihan at karapatan niya bilang Anak ng Diyos.


Sa ilang mga pagkakataon ay ginamit niya ang kanyang kapangyarihan gaya halimbawa sa mga himalang ginawa niya upang magpagaling ng mga maysakit. Ngunit sa malaking bahagi ng kanyang buhay dito sa lupa ay namuhay siya bilang isang alipin. Naisakatuparan niya ang kanyang gawain na iligtas tayo mula sa ating mga kasalanan. Nang siya ay bumalik sa langit ay muli niyang ginamit ang buong kapangyarihan at karapatan niya bilang Anak ng Diyos.

Ibig sabihin nito na pinaghaharian niya ang buong mundo. Walang nangyayari nang hindi niya pinahihintulutang mangyari. Walang kaganapan na hindi niya ginagamit para sa ating kabutihan. Maging ang pag-aaral mo ng

aklat na ito ay bahagi ng kanyang plano para sa iyo.

Higit ang mga ginagawa ni Jesus para sa atin ngayong siya ay nakaluklok sa kanan ng Diyos Ama. Nananalangin siya para sa atin kung tayo ay nagkakasala. Ang totoo, araw-araw tayong nagkakasala. At araw-araw din, nananalangin si Jesus para sa ating kapatawaran. Dinirinig ng Ama ang panalangin ni Jesus at pinatatawad tayo sa ating mga kasalanan, yamang si Jesus ang nagdusa at nagbayad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan ng kanyang kamatayan.

20. Pagkaraan ng __________ araw si Jesus ay umakyat sa langit.
21. Habang siya ay naririto sa lupa hindi niya __________ na ginamit ang kanyang kapangyarihan at karapatan bilang Anak ng Diyos.
22. Nang siya ay umakyat na sa langit, muli niyang ginamit nang lubos ang kanyang kapangyarihan at karapatan bilang __________.



*Ibinukod ni Jesus ang mga mananampalataya sa mga hindi mananampalataya.*

23. Si Jesus ang __________ sa lahat ng bagay.
24. Idinadalangin din niya tayo sa __________ upang patawarin tayo sa ating mga kasalanan.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 72)

***“Buhat doon ay paririto upang hukuman ang mga buhay at ang mga patay.”***

Sa Huling Araw, si Jesus ay muling magbabalik at makikita ito ng lahat ng tao. Huhukuman niya ang lahat. Bubuhayin niya ang mga patay. Lahat ng taong nabuhay at nabubuhay ay haharap kay Jesus, ang kanilang Hukom.

Hindi natin kailangang katakutan ang araw na iyon. Sinabi na niya sa atin kung ano ang magiging hatol niya. Ayon sa Biblia, "Kaya nga, hindi na hahatulang maparusahan ang mga nakipag-isa kay Cristo Jesus" (Roma 8:1). Batid na nating tayo ay ligtas.

Kung gayon, ano ang magaganap sa Araw ng Paghuhukom? Sinabi na rin sa atin ni Jesus

ang bagay na ito. Titipunin niya ang lahat ng tao. Susuriin niya ang lahat ng ating ginawa sa ating buhay. Ipinakikita ba ng ating mga gawa na tayo ay nananampalataya sa kanya? O pinatutunayan ba ng ating mga gawa na hindi tayo nananampalataya sa kanya?

Ipakikita niya ang katunayan na tayo ay nananampalataya sa kanya o hindi. Pagkatapos, lahat ng tao, maging ang diyablo mismo, ay luluhod sa harapan ni Jesus, at ipahahayag nilang matuwid ang kanyang hatol.

Kailan ito magaganap? Tanging Diyos lamang ang nakaaalam. Marami nang lumitaw na mga bulaang propeta at naghayag na alam nila kung kailan magaganap ang muling pagbabalik ni Jesus. Lahat sila ay napatunayang mali. Sinabi ni Jesus na ang araw na ito ay darating "sa oras na di ninyo inaasahan" (Mateo 24:44). Kaya dapat tayong maging laging handa sa lahat ng oras.

Paano tayo magiging handa? Magiging handa tayo kung tayo ay mananatiling tapat at matatag sa ating pananampalataya. Kaya mahalaga na patuloy tayong nagbabasa at nag-aaral ng Biblia, nananalangin kay Jesus, dumadalo sa mga pagtitipon gaya ng pagsamba, at isinasabuhay ang ating pagiging Cristiano. Kung magkagayon, tayo ay daratnan niyang nakahanda sa kanyang muling pagbabalik sa oras na hindi natin inaasahan.

25. Sa Huling Araw, si Jesus ay muling magbabalik upang __________ ang mga buhay at ang mga patay.
26. Ipakikita niya ang ___________ na tayo ay nananampalataya sa kanya o hindi.
27. Lahat ng tao, maging ang __________, ay luluhod sa kanyang harapan at ipahahayag na matuwid ang kanyang hatol.
28. Tanging __________ lamang ang nakaaalam kung kailan ito magaganap.
29. Dapat tayong maging __________ sa lahat ng oras.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 72)

## *Pagbabalik-aral sa Ikaapat na Kabanata*

Ang Ikalawang Pangkat ay nagpapahayag tungkol sa Anak ng Diyos. Siya ay walang hanggan, gaya ng Ama. Ibig sabihin, siya ay walang simula at wala ring katapusan. Sinasabi nating siya ang bugtong na Anak ng Diyos sapagkat wala siyang katulad. Siya ay naging tao, ngunit wala siyang ama sa laman. Ang kanyang ina ay isang birhen na nagngangalang Maria. Hindi niya minana ang kasalanan mula sa kanyang ina sapagkat siya ay ipinaglihi sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.

Naparito siya upang bayaran ang ating mga kasalanan. Ginawa niya ito sa pamamagitan ng kanyang pagdurusa at kamatayan sa krus. Nangyari ito sa panahon ni Poncio Pilato.

**Mga sagot sa mga tanong sa Ikaapat na Kabanata:**
1. walang hanggan; 2. umiral/ipinanganak; 3. nilikha; 4. nagkatawang-tao; 5. makasalanan; 6. ipinaglihi; 7. Maria; 8. kasalanan; 9. krus; 10. Poncio Pilato; 11. mamatay; 12. Poncio Pilato; 13. magdusa; 14. napagtagumpayan; 15. susi; 16. Pagkabuhay; 17. Anak,Diyos; 18. kasalanan; 19. libingan; 20. tatlong; 21. lubos; 22. Anak ng Diyos; 23. naghahari; 24. Ama; 25. hukuman; 26. katunayan; 27. diyablo; 28. Diyos; 29. handa.

Natatangi ang pananampalatayang Cristiano. Itinuturo ng ibang mga relihiyon na hindi matitiyak ng tao kung siya ay ligtas nga hanggang sa oras ng kanyang kamatayan. Ngunit sinasabi ng Biblia na matitiyak natin na tayo ay ligtas sapagkat ang pundasyon ng ating pananampalataya at pag-asa ay tunay na naganap nang si Jesus ay magdusa at mamatay sa ilalim ni Poncio Pilato.

Bumaba si Jesus sa impiyerno upang patunayan sa diyablo na siya ay nagtagumpay laban sa kasalanan at kamatayan. Siya ay muling nabuhay sa ikatlong araw bilang katunayan na siya nga ang Anak ng Diyos, na napatawad na ang lahat ng ating mga kasalanan, at muli niya tayong bubuhayin sa Huling Araw. Pagkaraan ng apatnapung araw, siya ay umakyat sa langit. Ngayon ay naghahari siya sa lahat ng bagay. Idinadalangin din niya sa Ama na patawarin tayo sa lahat ng ating mga kasalanan, yamang nabayaran na niya ang lahat ng ito sa pamamagitan ng kanyang kamatayan.

Sa Huling Araw, siya ay muling magbabalik. Bubuhayin niya ang lahat ng namatay na at huhukuman ang lahat ng tao. Patutunayan niyang nananampalataya o hindi nananampalataya ang mga tao sa kanya sa pamamagitan ng kanilang pamumuhay. Walang sinumang nakaaalam kung kailan ito magaganap liban sa Diyos. Kaya dapat tayong maging laging handa sa pamamagitan ng patuloy na pagbabasa at pag-aaral ng Biblia, pananalangin kay Jesus, pagdalo sa mga pagtitipon gaya ng pagsamba, at pagsasabuhay ng ating pagiging Cristiano.

## *Pagsusulit sa Ikaapat na Kabanata*

1. Ang Anak ng Diyos ay gaya ng Ama na ___________, walang simula at walang katapusan.

2. Siya ay ___________ sa pamamagitan ng Espiritu Santo kung kaya't wala siyang anumang kasalanan.

3. Ang kanyang ina ay isang birhen na nagngangalang ___________.

4. Si Jesus ay namatay upang bayaran ang kaparusahang nauukol sa atin dahil sa ating mga ___________.

5. Ginawa niya ito noong taong si __________ _____________ ang gobernador sa lupain ng mga Judio.

6. Hindi na natin kailangang hintayin ang ating ___________ upang malaman kung tayo ay ligtas.

7. Pumaroon siya sa __________ upang ipahayag sa diyablo at sa lahat ng naroroon na nagtagumpay siya laban sa diyablo.

8. Si Jesus ay muling nabuhay sa __________ araw pagkaraan ng kanyang kamatayan.

9. Pinatutunayan ng kanyang muling pagkabuhay na siya nga ang __________ ng __________.

10. Pinatutunayan nito na ang lahat ng ating mga __________ ay nabayaran na.

11. Pinatutunayan din nito na tayo rin ay magbabangon mula sa ating mga __________ sa Huling Araw.

12. Pagkaraan ng apatnapung araw si Jesus ay __________sa langit.

13. Nang siya ay umakyat na sa langit, muli niyang ginamit nang lubos ang kanyang

kapangyarihan at karapatan bilang ___________.

14. Si Jesus ang __________ sa lahat ng bagay.

15. Idinadalangin din niya tayo sa __________ upang patawarin tayo sa ating mga kasalanan.


16. Sa Huling Araw, si Jesus ay muling magbabalik upang __________ ang mga buhay at ang mga patay.

17. Ipakikita niya ang ___________ na tayo ay nananampalataya sa kanya o hindi.

18. Tanging __________ lamang ang nakaaalam kung kailan ito magaganap.

19. Dapat tayong maging __________ sa lahat ng oras.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 107)



*Binautismuhan ni Felipe ang isang lalaking taga-Etiopa.*

*Ikalimang Kabanata*

# ANG ESPIRITU SANTO

Nais nating maniwala sa atin ang mga tao kung sinasabi natin sa kanila ang katotohanan. Nais nating maunawaan nila na mahalaga ang sinasabi natin. Kung sinasabi ng isang taong inakusahan ng isang krimen at nililitis na hindi niya ginawa ang ibinibintang sa kanya, nais niyang maniwala ang lahat sa kanya. Nakahanda tayong gawin ang lahat ng ating magagawa upang makumbinsi natin ang mga tao na maniwala sa atin.

Mahalaga ang sinasabi ng Diyos sa atin sa pamamagitan ng kanyang Salita. Nais niyang

paniwalaan natin ito upang tayo ay maligtas. Kaya't upang matiyak na maisasakatuparan niya ang kanyang mabuting layunin para sa atin, ang Diyos mismo ang kumikilos upang buksan ang ating mga isip at kalooban, nang sa gayon ay umusbong at lumago ang pananampalataya sa ating mga puso.

Ito ang ginagawa ng Espiritu Santo. Ang Ikatlong Pangkat ng Credo ng mga Apostol ay tumatalakay sa Espiritu Santo, kung sino siya at ano ang kanyang ginagawa. Sinasabi rin sa Ikatlong Pangkat ng Credo kung ano ang bunga ng kanyang ginagawa. Ito ang pag-aaralan natin sa kabanatang ito. Sa pagtatapos ng kabanatang ito ay matutukoy mo:

* kung ano ang ginagawa ng Espiritu Santo upang ang mga tao ay maniwala sa Biblia;
* kung paanong pinananatili niya tayo sa pananampalatayang Cristiano; at
* kung ano ang ibig sabihin ng pagbangon ng katawan at ang buhay na walang hanggan.

***"Sumasampalataya ako sa Espiritu Santo."***

Maraming tao ang hindi naniniwala sa Biblia. Hindi sila naniniwala sa sinasabi ng Biblia na ang Diyos Ama ang lumikha ng daigdig at ang lahat ng bagay sa loob ng anim na araw. Hindi sila naniniwala sa pahayag nito na ang Anak ng Diyos ay nagkatawang-tao. Hindi sila naniniwala sa isinasaad nito na si Jesus ay muling nabuhay at siya ay muling magbababalik sa takdang araw.

Hindi ito kataka-taka at kagulat-gulat. Ang totoo, maraming pahayag sa Biblia na tila mahirap paniwalaan. Mahirap paniwalaan na tayo ay ganap na masama. Ngunit ayon sa Biblia, "Ang lahat ay lumihis ng landas at nagpakasama; Walang gumagawa ng mabuti, wala kahit isa" (Roma 3:12). Mahirap paniwalaan na ang kamatayan ng isang tao ay makapagbabayad sa kasalanan ng lahat ng tao. Ngunit sinasabi ng Biblia, " ...tayo'y nagkakaisa at nililinis ng dugo ni Jesus na kanyang Anak sa lahat ng ating kasalanan"

(1 Juan 1:7). Mahirap paniwalaan na mabubuhay muli ang isang patay, ngunit sinasabi sa atin ng Biblia na ginawa ito ni Jesus.

Dito pumapasok ang gawain ng Espiritu Santo. Ginagawa niyang mananampalataya ang mga hindi mananampalataya. Kung sa iyong sariling kalakasan, hindi mo magagawang maniwala sa anumang sinasabi ng Biblia. Ngunit binabago ng Espiritu Santo ang ating isip at puso. Ginagamit niya ang kanyang kapangyarihan upang gawin ito. Sa pamamagitan niya ay nauunawaan natin na tayo ay makasalanan. Siya ang nagkakaloob sa atin ng pananampalataya sa Anak ng Diyos na namatay upang bayaran ang ating mga kasalanan. Siya ang nagkakaloob sa atin ng katiyakan na tayo ngayon ay mga anak ng Diyos.

1. Maraming tao ang hindi ___________ sa Biblia.

2. Maraming pahayag sa Biblia na tila __________ paniwalaan.
3. Ang __________ _____________ ang kumikilos upang gawin tayong mga mananampalataya.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 99)

Ano ang ginagawa ng Espiritu Santo upang gawin tayong mga mananampalataya? Hindi ito sa pamamagitan ng mahika. Gumagamit ang Espiritu Santo ng mga pamamaraan upang gawin ito.

Maihahambing natin ang kanyang gawain sa isang nagtatayo ng bahay. Ang isang nagtatayo ng bahay ay gumagamit ng mga kasangkapan upang mabuo ang isang gusali. Gumagamit siya ng lagari upang putulin ang kahoy, martilyo upang pukpukin ang pako, at pampinta kung mayroon siyang pipintahan.

Gumagamit din ang Espiritu Santo ng mga pamamaraan upang gawin tayong mga Cristiano. Ang pangunahing pamamaraan na

ginagamit niya ay ang **ebanghelyo**, ang mabuting balita tungkol kay Jesus na ating Tagapagligtas. Ang ebanghelyo ay inihahatid sa atin sa iba't ibang mga pamamaraan. Isa sa mga ito ay sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, ang Biblia. Sa Biblia ay inihahayag sa atin ng Espiritu Santo na tayo ay mga makasalanan at si Jesus ang ating Tagapagligtas. Ginagamit ng Espiritu Santo ang Biblia upang gawin tayong mga mananampalataya. Kung tayo ay mga mananampalataya na, ginagamit niya ito upang patatagin ang ating pananampalataya.

Mayroon pang dalawang pamamaraan ang ginagamit ng Espiritu Santo upang ihatid sa atin ang ebanghelyo. Tinatawag natin ang mga ito na mga **sakramento**. Ang sakramento ay isang gawain na ginagamit ng Espiritu Santo upang bigyan tayo ng katiyakan na ang ating mga kasalanan ay napatawad na at tayo ay mga anak ng Diyos. Si Jesu-Cristo ang nagtalaga at nag-utos na gamitin natin ang mga sakramento.

Isa sa mga sakramentong ito ay ang Banal na Bautismo. Ang isang taong binabautismuhan ay binubuhusan ng tubig sa pangalan ng Diyos na Trinidad. Sa ganitong paraan, binibigyan tayo ng katiyakan ng Espiritu Santo na tunay ngang ang ating mga kasalanan ay nahugasan na. Sa pamamagitan ng bautismo tayo rin ay inaari ng Diyos na kanyang mga anak at siya ang ating Ama.

Ang isa pang sakramento ay ang Hapunan ng Panginoon, o Banal na Komunyon. Sa pamamagitan nito ay tinatanggap natin ang tunay na katawan at dugo ni Jesus kalakip ng tinapay at alak. Sa sakramentong ito ay ipinaaalala sa atin ng Espiritu Santo na ang katawan ni Jesus ay napako sa krus, at ang kanyang dugo ay nabuhos bilang kabayaran sa ating mga kasalanan. Binibigyan tayo ng katiyakan ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng sakramentong ito na iginagawad ni Jesus sa bawat isang nananampalataya sa kanya ang kapatawaran ng lahat ng kanilang kasalanan.

4. Gumagamit ang Espiritu Santo ng mga __________ upang gawin tayong mga Cristiano.
5. Ang __________ ay ang mabuting balita tungkol sa kapatawaran ng ating mga kasalanan.
6. Inihahatid sa atin ang ebanghelyo sa Salita ng Diyos, ang __________.
7. Inihahatid din sa atin ang ebanghelyo sa mga __________.
8. Sa __________ ay natitiyak natin na ang ating mga kasalanan ay nahugasan na.
9. Tayo ay binautismuhan sa pangalan ng __________ ____________.
10. Sa pamamagitan ng bautismo ay __________ tayo sa sambahayan ng Diyos; ang Diyos ay naging ating Ama sa pamamagitan nito.
11. Sa _____________, tinatanggap natin ang katawan at dugo ni Jesus kalakip ng tinapay at alak.
12. Isa pang katawagan sa Hapunan ng Panginoon ay ________ ____________.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 99)

***“Sumasampalataya ako sa Banal na Iglesiang Cristiano, na kapulungan ng mga banal.”***

Hindi kakaunting tao lang ang inaakay ng Espiritu Santo upang manampalataya kay Jesus kundi bilyun-bilyong tao sa buong mundo. Tinitipon niya ang lahat ng mga mananampalataya upang sila ay magkasama-sama. Ang pagtitipong ito ng mga mananampalataya ay tinatawag nating ang Banal na Iglesiang Cristiano. Sa Credo ng mga Apostol, tinatawag natin ang pagtitipong ito na "kapulungan ng mga banal".

Saan mo matatagpuan ang Banal na Iglesiang Cristiano? Matatagpuan mo ito kung saan naroroon ang pangangaral ng ebanghelyo. Sapagkat sa tuwing ipinangangaral ang Salita ng Diyos at iginagawad ang mga sakramento, ang Espiritu Santo ay naroroon at gumagawa sa mga nakapakikinig nito.

Isang pangkaraniwang pagkakamali ang dapat nating iwasan kaugnay nito. Nakikita natin ang marami at iba't ibang uri ng mga "iglesia" sa buong mundo. Ang bawat isa sa mga ito ay pagtitipon ng mga taong nagkakaisa sa kanilang paniniwala tungkol sa Diyos. Bakit napakarami nila? Bakit iba-iba sila ng paniniwala? Ang kalagayang ito ay dulot ng kanilang hindi pagkakaroon ng iisang paniniwala tungkol sa Diyos at sa kanyang Salita.

Ang Banal na Iglesiang Cristiano ay hindi gaya ng mga organisasyong pansanlibutan. Hindi mo maaaring tukuyin ang alinmang "iglesia" sa sanlibutang ito at sabihing "Iyon ang Banal na Iglesiang Cristiano". Hindi. Ang Banal na Iglesiang Cristiano ay nakikita lamang ng Diyos. Siya lamang ang nakakikita kung sino ang tunay na nananampalataya at kung sino ang nagpapanggap lang. Yaong mga tunay na nananampalataya lamang ang bumubuo ng Banal na Iglesiang Cristiano. Ang Banal na Iglesiang Cristiano ay ang lahat ng mga taong



*Niyakap ng ama ang kanyang anak, pinatawad, at muling tinanggap sa kanyang tahanan.*

nananampalataya kay Jesus sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.

13. Ang Banal na Iglesiang Cristiano ay ang pagtitipon ng lahat ng __________ kay Jesu-Cristo.
14. Tanging __________ lamang ang nakaaalam kung sino ang tunay na Cristiano.
15. Ang Banal na Iglesiang Cristiano ay matatagpuan kung saan kumikilos ang Espiritu Santo sa pamamagitan ng pangangaral ng __________.
16. Maraming iba't ibang uri ng "iglesia" sa buong mundo dahil sa hindi nila __________ sa paniniwala tungkol sa Diyos at sa kanyang Salita.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 99)

***"(Sumasampalataya ako) sa kapatawaran ng mga kasalanan…"***

Nauunawaan ng maraming tao kung ano ang ibig sabihin ng kapatawaran ng mg kasalanan.

Nangangahulugan ito na hindi ka na parurusahan para sa kung anumang kamalian na iyong nagawa.

Pinatatawad ng Diyos ang mga kasalanan. Ngunit hindi ito madali gaya ng iniisip ng ilang tao. Sa isang banda, ang Diyos ay sakdal o ganap na matuwid. Siya rin ang Hukom ng lahat ng tao. Kailangang ipatupad ng isang sakdal na hukom ang kautusan. Kung hahayaan niyang makalusot ang sinumang nagkasala, hindi na siya maituturing na sakdal.

Kung magkagayon, paano napatatawad ng Diyos ang ating mga kasalanan?  Ayon sa kanyang sariling kautusan, ang taong nagkasala ay dapat na hatulan ng kaparusahang walang hanggan. Nilutas ng Diyos ang problemang ito nang isugo niya ang kanyang Anak na si Jesus upang akuin ang kaparusahang nauukol sa atin dahil sa ating mga kasalanan. Dahil dito, napatatawad tayo ng Diyos sa kabila ng ating mga kasalanan, at nananatili pa rin siyang isang sakdal na Hukom.

Ang tanong ng maraming tao ay ito: Si Jesus ba ay namatay para sa kasalanan ng mga mananampalataya lamang? O siya ba'y namatay para sa kasalanan din ng lahat ng tao? Tinutugon ito ng Biblia. Ayon sa isinulat ni Juan, "Si Cristo ang handog sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan, hindi lamang ang ating mga kasalanan, kundi maging ang kasalanan ng lahat ng tao" (1 Juan 2:2). Maliwanag ang tugon ng Biblia sa tanong na nabanggit. Lahat ng kasalanan ay binayaran ni Jesus sa pamamagitan ng kanyang kamatayan. Siya ay pinarusahan para sa kasalanan ng lahat ng tao. Pinatawad ng Diyos ang buong sangkatauhan sa lahat nitong mga kasalanan.

17. Kung ang isang taong nagkasala ay hindi na parurusahan, ito ay nangangahulugang siya ay __________.
18. Bilang isang __________ na Hukom, hindi maaaring palampasin ng Diyos ang sinumang nagkasala.

19. Isinugo ng Diyos si __________ upang akuin ang kaparusahang nauukol sa atin.
20. Si Jesus ay namatay para sa kasalanan ng buong __________.
21. Pinatawad na ng Diyos ang kasalanan ng buong __________.

(Check your answers on the bottom of page 99)

Nangangahulugan ba ito, kung gayon, na ang buong sangkatauhan ay pupunta sa langit? Ang malungkot na sagot ay, hindi. Paulit-ulit na binabanggit ng Biblia kung paanong ang ilan ay pupunta sa langit habang ang iba naman ay pupunta sa impiyerno. Ngunit paanong mapupunta sa impiyerno ang isang tao gayong pinatawad na ang mga kasalanan niya?

Nakasalalay ang lahat sa pananampalataya. Nananampalataya ba ang taong ito na si Jesus ay namatay para sa kanyang mga kasalanan o hindi? Nananampalataya ba siyang si Jesus ay muling nabuhay upang patunayan na ang lahat nating kasalanan ay napatawad na, o hindi? Sinasabi ng Biblia na ang nananampalataya kay Jesus ay maliligtas, ngunit ang hindi nananampalataya ay hahatulan nang walang hanggang kaparusahan.

Makatutulong ang isang halimbawa upang maipaliwanag ang bagay na ito. Sabihin nating ninakawan ka ng isang taong kilala mo, isang kaibigan mo. Normal lang na ikaw ay magagalit sa taong ito at nanaisin mong siya ay maparusahan. Nanaisin mo ring makaganti sa kanya. Dahil dito, ang taong ito ay magtatago upang makaiwas sa iyo.

Ngunit sabihin nating nagpasya kang patawarin na lang siya. Gumawa ka ng paraan upang maiparating mo ito sa kanya. Binigyan mo rin siya ng isang regalo bilang patunay na talagang pinatawad mo na siya.

Kung pinaniniwalaan niya ang mensahe mo, hindi na siya matatakot at iiwas sa iyo. Maaari pang maging magkaibigan kayong muli.

Ngunit kung hindi siya naniniwala, patuloy siyang matatakot at iiwas sa iyo. Hindi rin niya tatanggapin ang regalo mo.

Maniwala man siya o hindi, totoong napatawad mo na siya. Ngunit wala itong magagawang anumang kabutihan sa kanya kung hindi niya ito paniniwalaan at tatanggapin. Gayundin naman, totoong pinatawad na tayo ng Diyos, paniwalaan man natin ito o hindi. Ngunit wala rin itong buting maidudulot sa atin kung hindi natin ito paniniwalaan at tatanggapin. Kung patuloy tayong tatanggi sa kanyang mga pagkilos upang abutin tayo (gaya ng pangangaral ng kanyang Salita, ang Biblia), hindi tayo makapapasok sa langit.

Ngunit ang Espiritu Santo ay may kakayahang gawin tayong mananampalataya. Kung magkagayon, mapasasaatin din ang kapatawarang pinagwagian ni Jesus para sa atin. Mapabibilang tayo sa mga anak ng Diyos. Magagalak tayong basahin ang kanyang Salita at sundin ito. Makikinig tayo sa kanyang mga lingkod gaya ng mga pastor at ibang mga Cristiano. Matatamasa natin ang kapayapaang kaloob ng Diyos sa atin.

22. Ang mga kasalanan ng buong sangkatauhan ay __________ na ng Diyos.
23. Totoong napatawad na ng Diyos ang ating mga kasalanan, __________ man natin ito o hindi.
24. Kung hindi natin ito __________, hindi rin mapasasaatin ang kapatawarang ito.
25. Ngunit kung ito ay ating __________, matatamasa natin ang kapayapaang kaloob ng Diyos sa atin.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 99)

***"(Sumasampalataya ako) sa pagbangon ng katawan at sa buhay na walang hanggan."***

Ang huling mga salita na ating binabanggit sa Credo ng mga Apostol ay ang huling mga bagay na magaganap sa mundo. Maliwanag na sinasabi sa atin ng Biblia kung ano ang magiging wakas ng mundo. Muling babalik si Jesus sa mundo. Makikita siya sa mga ulap na napaliligiran ng kanyang mga anghel. Uutusan niya ang lahat ng tao, buhay man o patay, upang humarap sa kanya.

Ang "pagbangon ng katawan" ay tumutukoy sa muling pagkabuhay. Sinasabi ng Biblia na ang katawan ng mga namatay na ay muling babangon sa muling pagbabalik ni Jesus. Hindi ito mapipigilan kahit ang katawan ay nabulok na o nasunog o nawala sa dagat o kung saan man. Lahat ng namatay ay muling mabubuhay at haharap kay Jesus.

Ginugugol ng mga hindi mananampalataya ang kanilang buong buhay dito sa lupa nang malayo sa patnubay at kalinga ng tunay na Diyos. Sa araw na yaon, sila'y itataboy ng Diyos upang sila’y mabuhay nang hiwalay sa kanyang patnubay at kalinga magpakailanman. Ngunit ang mga mananampalataya ay isasama ng Diyos upang mabuhay sa kanyang piling magpakailanman.

Papalitan niya ang mundong ito ng isang bagong mundo, isang mundong sakdal at dalisay. Wala nang anumang kaguluhan sa bagong mundong iyon. Wala nang anumang kalungkutan, krimen, o mga sakuna. Wala na

ring kamatayan. Kaya tinatawag natin ang buhay sa langit na buhay na walang hanggan.

26. Sa huling araw, si Jesus ay muling magbabalik sa __________.
27. Lahat ng tao ay haharap sa kanya, ang mga nabubuhay pa at ang mga __________ na.
28. Ang __________ ay nangangahulugang muling pagkabuhay.
29. Papalitan ng Diyos ang mundong ito ng isang bagong mundo, isang mundong __________ at dalisay.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 99)

## *Pagbabalik-aral sa Ikalimang Kabanata*

Hindi lahat ay naniniwala sa Biblia. Maraming katuruan sa Biblia na sadyang mahirap unawain. Wala tayong kakayahang maunawaan ang mga katotohanang itinuturo ng Biblia.

Ang Espiritu Santo ang kumikilos upang bigyan tayo ng pang-unawa at gawin tayong mga mananampalataya. Ngunit hindi niya ito ginagawa sa pamamagitan ng mahika. Ginagamit niya ang ebanghelyo, ang mabuting balita tungkol kay Jesus, upang isakatuparan ang layuning ito. Sa tuwing binabasa natin at naririnig natin ang pangangaral ng ebanghelyo mula sa Biblia at sa pamamagitan din ng mga sakramento, kumikilos ang Espiritu Santo.

**Mga sagot sa mga tanong sa Ikalimang Kabanata:**
1. naniniwala; 2. mahirap; 3. Espiritu Santo; 4. pamamaraan; 5. ebanghelyo; 6. Biblia; 7. sakramento; 8. bautismo; 9. Diyos na Trinidad; 10. ibinibilang; 11. Hapunan ng Panginoon; 12. Banal na Komunyon; 13. nananalig; 14. Diyos; 15. ebanghelyo; 16. pagkakasundo; 17. pinatawad; 18. sakdal; 19. Jesus; 20. sangkatauhan; 21. sangkatauhan; 22. napatawad; 23. paniwalaan/ panampalatayanan; 24. paniwalaan/ panampalatayanan; 25. paniwalaan/ panampalatayanan; 26. mundo; 27. namatay; 28. pagbangon ng katawan; 29. sakdal.

Ang sakramento ay isang gawain na ginagamit ng Espiritu Santo upang bigyan tayo ng katiyakan na tunay ngang napatawad na ang ating mga kasalanan at tayo ay mga anak ng Diyos. Isa sa mga sakramento ay ang Banal na Bautismo. Isinasagawa ang bautismo sa pangalan ng Diyos na Trinidad.  Sa bautismo, ang ating mga kasalanan ay gaya ng duming hinuhugasan upang tayo ay maging malinis. Ang isa pang sakramento ay ang Hapunan ng Panginoon o Banal na Komunyon. Sa Hapunan ng Panginoon, tinatanggap natin ang tunay na katawan at dugo ni Jesus kalakip ng tinapay at alak. Ang ebanghelyo sa sakramentong ito ay nagbibigay sa atin ng katiyakang tunay ngang ibinigay ni Jesus ang kanyang buhay upang bayaran ang ating mga kasalanan.

Tinitipon ng Diyos ang lahat ng mananampalataya sa kanyang Banal na Iglesiang Cristiano. Tinatawag itong kapulungan o pagtitipon ng mga banal. Matatagpuan ang Banal na Iglesiang Cristiano

kung saan ang ebanghelyo sa Salita ng Diyos at sa mga sakramento ay ipinangangaral at pinangangasiwaan nang buong dalisay. Ang mga ito ang mga pamamaraang ginagamit ng Espiritu Santo upang lumikha ng pananampalataya sa puso ng mga taong nakapakikinig ng ganitong pangangaral at pangangasiwa.

Namatay si Jesus para sa lahat ng kasalanan ng buong sangkatauhan. Manampalataya man ang mga tao sa mensaheng ito ng ebanghelyo o hindi, tunay na ang kanilang mga kasalanan ay napatawad na. Gayunman, kung hindi nila ito pinananampalatayanan, wala itong magagawang anumang buti sa kanila. Ngunit kung sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo ay mananampalataya sila kay Jesus, kakamtan nila ang kapatawarang kaloob ni Jesus. Matatamasa nila ang kapayapaang kaloob ng Diyos.

Sa Huling Araw, si Jesus ay muling magbabalik sa mundong ito. Makikita siya ng lahat ng tao.

Bubuhayin niya ang lahat ng mga namatay na. Ito ang tinatawag na pagbangon ng katawan. Ang lahat ng sa kanya'y hindi nananampalataya ay hahatulan nang walang hanggang kaparusahan. Ngunit pagpapalain ang lahat ng mga nananampalataya sa kanya. Lilikha ang Diyos ng isang bagong mundo para sa kanila. Doon ay wala nang anumang kasalanan o sakit o krimen o kamatayan. Ito ang tinatawag na buhay na walang hanggan.

## *Pagsusulit sa Ikalimang Kabanata*

1. Maraming tao ang __________ sa itinuturo ng Biblia.

2. Tayo ay naging mga mananampalataya sa pamamagitan ng pagkilos ng __________ __________.

3. Ginagamit na pamamaran ng Espiritu Santo ang __________.

4. Matatagpuan natin ito sa Biblia at sa mga __________.

5. Ang __________ ay ginagawa sa pangalan ng Diyos na Trinidad.

6. Tinatanggap natin ang tunay na katawan at dugo ni Jesus kalakip ng tinapay at alak sa __________ __________.

7. Ang Banal na Iglesiang __________ ay ang pagtitipon ng lahat ng mga mananampalataya.

8. Matatagpuan ito kung saan ang mga __________ ng Espiritu Santo ay ginagamit at pinangangasiwaan nang buong dalisay.

9. Namatay si Jesus para sa kasalanan ng __________.

10. Pinatawad na ni Jesus ang kasalanan ng bawat isa, __________ man nila ito o hindi.

11. Tanging yaong mga __________ lamang ang nakatatanggap ng kapatawarang ito.

12. Si __________ ay muling magbabalik sa Huling Araw.

13. Bubuhayin niya ang lahat ng mga __________.

14. Isasama niya ang mga __________ upang mabuhay ng walang hanggan sa piling ng Diyos.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 107)

# Mga Sagot sa mga Pagsusulit sa bawat Kabanata

**Unang Kabanata: (Pahina 13-14)**
1. paniniwala; 2. nakasulat; 3. Diyos; 4. labindalawang; 5. Jesus; 6. buong mundo; 7. Jesus; 8. Bagong Tipan; 9. Biblia; 10. isaulo; 11. pinananaligan/pinananampalatayanan; 12. pagsamba; 13. Cristo.

**Ikalawang Kabanata: (Pahina 29-30)**
1. maraming; 2. iisang; 3. Ama, Anak, Espiritu Santo; 4. Biblia; 5. persona; 6. Trinidad; 7. magkakapantay; 8. Anak ng Diyos; 9. muling nabuhay; 10. paglikha, pagpapanatili; 11. pagliligtas; 12. pananampalataya/pananalig.

**Ikatlong Kabanata: (Pahina 47-49)**
1. Pangkat; 2. Makapangyarihan; 3. salita; 4. Ebolusyon; 5. Diyos; 6. saksi; 7. kinakalinga; 8. pagkain,damit,tahanan; 9. alabok; 10. tadyang; 11. pamamahala; 12. pasalamatan; 13. nagkakasala; 14. bunga; 15. kasalanan; 16. babaguhin; 17. lupa; 18. walang hanggan.

**Ikaapat na Kabanata: (Pahina 75-77)**
1. walang hanggan; 2. ipinaglihi; 3. Maria; 4. kasalanan; 5. Poncio Pilato; 6. kamatayan; 7. impiyerno; 8. ikatlong; 9. Anak,Diyos; 10. kasalanan; 11. libingan; 12. umakyat; 13. Anak ng Diyos; 14. naghahari; 15. Ama; 16. hukuman; 17. katunayan; 18. Diyos; 19.handa.

**Ikalimang Kabanata: (Pahina 103-104)**
1. hindi naniniwala; 2. Espiritu Santo; 3. ebanghelyo o mabuting balita; 4. sakramento; 5. bautismo; 6. Hapunan ng Panginoon o komunyon; 7. Cristiano; 8. pamamaraan; 9. buong sangkatauhan o lahat ng tao; 10. paniwalaan o panaligan o panampalatayanan; 11. nananalig o naniniwala o nananampalataya; 12. Jesus; 13. namatay o patay; 14. mananampalataya o Cristiano.

# Pangwakas na Pagsusulit

Natapos mo na ngayon ang pag-aaral ng aklat na ito. Balik-aralan mo ang mga natapos na aralin. Kung handa ka na, maaari mo nang simulan ang pangwakas na pagsusulit.

Kung matapos mo na ito, ibigay mo ang papel na naglalaman ng iyong pagsusulit sa taong nagbigay sa iyo ng aklat na ito o maaari mo rin itong ipadala sa address na makikita sa likod ng aklat na ito.

Maaari ka ring humiling ng iba pang mga pag-aaral.

## *Pangwakas na Pagsusulit*

1. Ang credo ay nakasulat na pagpapahayag ng iyong __________.

2. Ang mga __________ ay mga lalaking pinili ng Diyos upang ipahayag ang kanyang mensahe sa buong mundo.

3. Ang Credo ng mga Apostol ay maigsi at madaling __________.

4. Sinasabi ng Biblia na mayroong __________ Diyos lamang.

5. Ang Diyos ay iisa ngunit mayroong __________ persona.

6. Ang Diyos ay ang tatlong persona: __________ __________ __________.

7. Ang paglikha at pagpapanatili sa lahat ng bagay ay pangunahing gawain ng __________.

8. Iniligtas tayo sa ating mga kasalanan ng __________.

9. Ang pagkakaroon natin ng pananampalataya sa Diyos ay bunga ng pagkilos ng __________.

10. Nilikha ng Diyos ang buong mundo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng kanyang __________.

11. Nilikha niya si Adan mula sa __________.

12. Ang __________ at kabulukan ay pumasok sa sanlibutan dahil sa ating kasalanan.

13. Ang ina ni Jesus ay isang birhen na nagngangalang __________.

14. Naparito si Jesus sa sanlibutan upang __________ para sa ating mga kasalanan.

15. Pinatutunayan ng muling pagkabuhay ni Jesus na tunay ngang ang lahat nating __________ ay nabayaran na.

16. Pinatutunayan ng muling pagkabuhay ni Jesus na tunay ngang siya ang __________ ng Diyos.

17. Pinatutunayan ng muling pagkabuhay ni Jesus na tunay ngang tayo ay muli ring __________.

18. Ginagamit ng Espiritu Santo ang ebanghelyo bilang ___________ upang gawin tayong mga mananampalataya.

19. Matatagpuan ang ebanghelyo sa Salita at sa mga __________.

20. Ang bautismo ay pagbubuhos/pagwiwisik/paglulubog gamit ang __________ sa pangalan ng Diyos na Trinidad.

21. Tinatanggap natin ang tunay na __________ __________ ni Jesus kalakip ng tinapay at alak sa Hapunan ng Panginoon.

22. Matatagpuan ang Banal na Iglesiang __________ kung saan ginagamit at pinangangasiwaan nang buong dalisay ang ebangelyo at ang mga sakramento.

23. Pinatawad ng Diyos ang lahat ng kasalanan ng buong __________, paniwalaan man nila ito o hindi.

24. Tanging yaong mga __________ lamang ang nakatatanggap ng kapatawarang ito.

25. Tanging yaong mga __________ lamang ang nakatatanggap ng kapatawarang ito.

26. Isasama niya ang mga __________ upang mabuhay ng walang hanggan sa piling ng Diyos.

Punan ang mga sumusunod:

PANGALAN:____________________________________

ADDRESS:____________________________________

Mangyaring magbigay ka ng komento tungkol sa pag-aaral na ito.

*Para sa karagdagang impormasyon o upang humiling ng iba pang mga pag-aaral, sumulat o makipag-ugnayan sa:*

Multi-Language Productions
Bringing the Word to the World

**What Christians Believe - Tagalog**
**Bible Teachings Series**
**MLP Catalog Number: 385564**